# PANAWAGANG "PERSONA NON GRATA"

## NG TERORISTANG PANGULO – **ITUON SA MILITAR, HINDI SA NPA!**




HENRY ABRAHAM COMMAND

NPA – East Cagayan

2019

# Marcos na Marcos ang pakana ni Duterte!

Sinong lokal na pamahalaang bayan sa Cagayan ang magdedeklarang "persona non grata" ang NPA kung sila mismo ay nasusuklam na sa kahibangan ng pasista-militar na presidenteng si Rodrigo Duterte? Kung mayroon man, **tanging si gobernor Mamba, si Vincent Pagurayan ng Sto Nino at mag-asawang Brenda at Joel Ruma ng Rizal ang mga tusong punong bayan na nagbebenta ng kanilang kaluluwa para makapanatili**

ng umano'y mga pagdeklara sa NPA bilang "persona non grata" (o taong hindi tinatanggap) ay resulta lamang ng mga pambabraso at saywar ng AFP. Sa ilalim ng kontra-insurhensiyang programa ni Duterte na Oplan Kapayapaan, sunud-sunod ang ipinapatawag ng militar at pulis na mga "peace-building seminar" sa hanay ng mga lokal na opisyal ng bayan (LGU), lokal na negosyante at mga residenteng sibilyan.

Dito sa Cagayan, binabraso ni gobernor Mamba ang bawat LGU para pilit-pwersadong ideklara na "persona non grata" ang NPA sa kanilang bayan. Tuluy-tuloy ang patawag na "seminar" ng 17th IB sa Barangay Abariungan Uneg, Abariungan Ruar, Balanni, Balagan, Calasitan, Lipatan at Tammuco sa Sto Nino at Barangay Bural, Mazi at San Juan sa Zinundungan Valley, Rizal. Gayundin ang Marine Battalion Landing Team (MBLT) sa Barangay Baracaoit, Cumao, Naddungan at San Vicente sa Gattaran; Barangay Awallan, Asingga Via, Bacring, Bagunot, Bitag Piqueno, Carupian, Hacienda Intal, San Francisco, Sta Margarita, Tallang at San Vicente Abra sa Baggao; Barangay Nangillatan sa Penablanca; Barangay Dagupan sa Lallo; Barangay Dungeg at Villa sa Sta Teresita at Barangay Isca at Rebecca sa Gonzaga. Sa mga naturang "seminar", itinutulak ng 17th IB at MBLT ang talamak na Enhanced Comprehensive Local Integrated Program (E-CLIP) na mas kilala bilang mga pekeng pagpapasurender at nagbibigay ng pondong pangkabuhayan sa mga "nagbalik-loob." Ito ay sa kabila ng mariing pahayag ng mga biktima at mga punong barangay na sila ay mga sibilyang residente ng mga naturang baryo.

Tulad ng diktadurang Marcos na tumagal ng mahigit dalawang dekada sa poder, ipinananakot din ni Duterte ang multo ng komunismo (pati na rin ang multo ng terorismo) para bigyang matwid ang pagsupil sa mga demokratikong karapatan at magsilbi sa "pambansang seguridad" ng rehimen na walang iba kundi ang pananatili at pagpapalawig ng burukrata-kapitalista at pasistang rehimeng Duterte.

Ang National Task Force (NTF) to End Local Communist Armed Conflict ang kasalukuyang anyo ng Oplan Kapayapaan at ng National Internal Security Plan (NISP) ng rehimeng US-Duterte. Ito ang counterinsurgency program ng pasista-militar na rehimen. Nakatuntong ang programa ng NTF sa kasinungalingang marami nang myembro at tagasuporta ng NPA ang "sumurender." Ipinagmayabang ng AFP nitong Enero 2019 na nasa 12,000 na sa mga ito ang nakapaloob sa E-CLIP.




Sa katotohanan, para kumita ang mga upisyal ng militar, nagpapasurender ng mga peke o di kaya ay nagpahinga o nananahimik nang mga dating kasapi ng NPA, binibigyan ng mataas na karatulang katungkulan at armas para makakulekta ng malaking halaga. Maliit na bahagi lamang ang ibinibigay sa kanilang mga "aktor". Ang maramihang surender ay gawa-gawang surender mula sa pinatawag ng militar na pagtitipon ng masa para sa iba't ibang dahilan at ang listahan ng atendans dito na pirmado ng mga dumalo ay biglang pinalalabas na kusang-loob na pagsurender.

Gumagamit din ang militar ng mga paraan sa aktwal na pagpapasurender tulad ng pag-engganyo sa mga kapamilya ng mga kasapi ng NPA upang pasurenderin ang kanilang asawa o anak, pagpapadala ng mga regalo at pinansya sa pamamagitan ng tagapamagitan sa target na pasurenderin, pag-aalok ng tulong sa mga kagipitang pampamilya tulad ng gastos sa pagpapagamot sa malubhang sakit at iba pa, tuwirang pakikipag-usap sa mga target na surenderin para pabaligtarin. Iniaalok na trabaho ang pagsali sa CAFGU o pagiging aset ng militar, at marami pang iba.

Sa ilalim ng NTF at sa tinaguring patakarang "buong-gubyerno", pinasusunod ni Duterte ang mga prayoridad, plano at pondo ng lahat ng ahensya ng gubyerno sa mga layuning kontra-insurhensya ng AFP. Matapos hirangin ang mahigit 60 dating heneral at upisyal militar sa iba't ibang antas ng burukrasya, itinali niya sa AFP ang mga departamento ng gubyerno, kabilang ang mga ahensyang sibil, at ipinailalim ang mga ito sa makapangyaring impluwensya ng militar.

Sa mga erya pokus ng Oplan Kapayapaan, isinasagawa ang mga operasyong TRIAD (CMO o *civil military operation, intelligence operation at combat operation*) para itaboy at hadlangan ang mga NPA, wasakin ang baseng masa, kontrolin ang populasyon at mga rekurso, hanggang sa ihiwalay, sukulin at lipulin ang hukbong bayan. Sa mga bayan at baryong pokus ng atake, masinsing inilalatag ang mga yunit ng Peace and Development Team (PDT), Community Operation for Peace Development (COPD) o Barangay Team Activity (BTA) na




sinanay sa gawaing CMO, psychological operation at paniktik. Bumababad ang mga ito sa mga komunidad, kinakabig at kinokontrol ang masa sa pamamagitan ng panunuyo, panlilinlang at pananakot, nagpapakalat ng mga intriga at saywar laban sa NPA at kilusan, naniniktik laban sa mga yunit gerilya at baseng masa, naghahasik ng pagdududahan at mga alitan sa hanay ng masa, nangwawasak sa mga organisasyong masa, nagtatayo ng mga organisasyong kontra, nagtatayo ng mga CAFGU at lambat ng paniktik, at nagpapataw ng mga palakad na naghihigpit sa galaw ng mga tao at daloy ng pagkain at iba pang pangangailangan.

Ang sentro ng Oplan Kapayapaan ay ang malawakang militarisasyon at malakihang kampanya ng pagkubkob at paglipol na gumagamit sa estratehiya ng "Win-Hold-Win". Nagtatakda ng mga "win area" at "hold area" sa antas ng buong bansa, mga mayor na grupo ng mga isla at mga rehiyon.

"Win area" ang unang prayoridad sa paglipol sa NPA kaya pokus ito ng konsentrasyon ng mga pwersa at operasyon ng AFP. Dito sa Cagayan, kabilang ang Zinundungan Valley, at mga bayan ng Sto Nino at Baggao. "Hold area" ang mga sekondaryong prayoridad, kung saan target na pahinain nang malaki o lumpuhin ang hukbong bayan tulad ng sa mga bayan ng Gonzaga, Sta Teresita, Lallo, Gattaran, Alcala, Penablanca,Piat, Lasam at Allacapan at Amulong.

Samantala, ultimong layunin ng PDT operations na makakuha ng impormasyon laban sa mga yunit ng NPA para sa kanilang *combat operations* at kontrolin ang populasyon para pagkaitan sila ng suportang masa. Ang bigat ng operasyong PDT ay nasa paniktik at saywar na idinidireksyon sa mga operasyong kombat. Ang diumanong mga sosyo-ekonomikong proyekto ay mga pakitang-tao lamang na pinagkakakitaan pa ng mga LGU at militar. Ang pagbubuo ng tinagurian nilang mga kontra-organisasyong masa ay hanggang pormalidad lamang at hindi aktwal na gumagana.



Bahagi rin ng PDT operations ang mga ekstra-hudisyal na pagpatay at "operation tokhang" o pagpatay sa mga kilalang lider masa o matutukoy nilang mga lokal na kadre at pwersa. Sa mga pokus na erya pinakamarami at pinakamadalas ang mga ekstra-hudisyal na pamamaslang at tokhang.

Noong Enero 2019 pinaslang ng Duterte Death Squad ang Cagayan Valley NDFP consultant na si Randy Malayao. Siya ang kauna-unahang NDFP consultant na pinaslang matapos ang matagal-tagal na panahon. Agad isinunod noong Pebrero si Lean Miranda, lider-organisador ng Danggayan dagiti Mannalon ti Cagayan Valley. Mga serye ng pekeng pagpapasurender sa mga kasapi ng Anakpawis Partylist sa Buguey, Lallo, Alcala at Baggao bago ang pambansang halalan noong Mayo. Kaagad matapos ang halalan, nagpatayo ng kampo ang PNP-Region 2 Public Safety Battalion sa Poblacion, Baggao at CAFGU detatsment sa Barangay Balanni, Sto Nino. Pinakaaktibo ngayon ang CAFGU rekrutment sa Sto Nino, Baggao at Zinundungan Valley.

Naging pinakamalupit ang mga operasyong militar at pulis sa isla ng Negros sa ilalim ng tinaguriang "Synchronized Enhanced Managing of Police Operations" (SEMPO o Oplan Sauron). Nagsasagawa sila ng magkakasabay na reyd sa madaling araw at bago ang madaling araw. Dinudumog at naghahasik ng teror sa buu-buong mga komunidad sa di bababang 50 na armadong sundalo at pulis sa isang maliit na sityo. Mula Enero-Agosto 2019, humigit-kulang 70 na ang biktima ng ekstra-hudisyal na pagpatay. Noong Agusto umabot sa mahigit 20 ang pinaslang ng militar at pulis sa loob lamang ng dalawang lingo.




**Sumusulong ang armadong pakikibaka sa bansa habang nilalabanan ng mamamayan ang pasistang rehimen ni Duterte!**

Sa harap ng tuluy-tuloy na paglakas ng NPA sa buong bansa, nabawasan ang dating pagmamayabang ng mga upisyal panseguridad na gagapiin ang NPA sa gitna ng 2019. Sa halip, inusog nila ang kanilang "dedlayn" sa katapusan ng 2022.

Sa kabuuan, walang saligang ipinagkaiba ang mga taktika at kaparaanan ng kampanyang pagpapasurender sa mga dati nang kaparaanan. Dapat matalim na ilantad ito at ilinaw ang nagpapatuloy na paglalim ng krisis ng naghaharing bulok na sistema na may pinakamalaking pananagutan ang rehimeng US-Duterte.

Hindi dapat mabahala kung may ilang tunay na sumusurender. Ito ay likas na proseso ng pagtanggal sa mabubuway at nagbago ng kulay na mga elemento na mas mabuting mawala na sa hanay ng rebolusyon.

Ang mapanlinlang na kampanyang "persona non grata" ni Duterte at AFP ay walang patutunguhan. Isa itong napakadesperadong hakbang ng pasista-militar na rehimeng Duterte dahil tulad din ng mga nagdaang rehimen, gaano man ito katindi, nananatiling palpak ang kanilang plano sa kontra-insurhensiya.

Sa kasalukuyan, may ilanlibong Pulang mandirigma ang NPA na naaarmasan ng matataas na kalibreng baril. Mayroon din itong di-hamak na mas malaking bilang pa ng pwersa sa mga yunit ng milisyang bayan at mga kwerpo sa pagtatanggol-sa-sarili na gumagamit ng mga sandatang mas mahihina at katutubo at mga pasabog. Kumikilos ito sa mahigit 120 larangang gerilya na sumasaklaw sa mahigit 8,000 baryo sa may 700 bayan at lungsod ng 70 prubinsya. Tinatamasa nito ang suporta ng daan-daanlibong masang aktibista at baseng masa na umaabot ng milyun-milyon. Kaya lantarang kasinungalingan ang inianunsyo kamakailan ng $5^{th}$ ID na 80 katao na lamang ang NPA sa Cagayan.

Sa kasalukuyang pambansang lakas at latag ng NPA, nasa katayuan ito na isulong ang digmang bayan sa di pa naaabot na antas sa mga darating na taon. Sa inspirasyon ng mga tagumpay ng kanilang hukbo, buo ang pasya ng mamamayang Pilipino na isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon at kamtin ang tagumpay sa di malayong hinaharap.

Gayunpaman, huwag na nating hintayin pang sapitin din ng ating mga komunidad ang karumal-dumal na pinagdaraanan ngayon ng Negros at iba pang rehiyon sa Mindanao sa kamay ng malahalimaw na tambalang AFP-Duterte. Walang lugar para magpasibo!

Walang lugar para matakot! Hanggang may hininga, lumaban tayo hanggang tagumpay! Ipagtanggol natin ang ating karapatang mabuhay nang mapayapa at may dignidad at ihanda ang maningning na kinabukasan ng mga susunod nating salinlahi.



**Mapangahas na paigtingin ang pakikidigmang gerilya! Todong labanan ang rehimeng US-Duterte at isulong ang digmang bayan!**